



Isang Milyong Piso Challenge inilunsad ng PhilRice

Ayon sa *national survey*, ang problemang kahirapan ay talamak sa sektor ng agrikultura. Tatlo sa apat na mahihirap ay nakatira sa kanayunan. Ang karaniwang magsasaka ay kumikita lamang ng 50,000 pesos kada taon, na nasa kategorya na ng mahirap. Dagdag pa dito, napabalitang karamihan sa mga *underemployed* ay nasa sektor ng agrikultura.

Bilang tugon, ang Department of Agriculture - Philippine Rice Research Institute (DA-PhilRice) ay naglulunsad ng isang samahan na tinatawag na 'Rural Transformation Movement' kung saan itinataguyod nito and adbokasiyang 'Gusto Namin, Milyonaryo Kayo'. Ang Rural Transformation Movement na pinangungunahang ng PhilRice ay naglalayong matugunan ang problema sa kahirapan at makabagbigay ng mga oportunidad upang mapataas ang antas ng buhay ng mga magsasaka.

Ang adbokasiyang ito ay naglalayong baguhin ang pananaw sa buhay ng ating mga magsasaka at hamunin ang bawat isa o i-challenge kung ano ang mainam na paraan sa pagbubukid upang kumita ng isang milyong piso kada ektarya kada taon.

Sa kabilang banda, ang PhilRice ay nagpapatupad ng programang 'Intensified Rice-based Agri-bio Systems (IRBAS)'. Ang nasabing programa ay nagsasagawa ng pananaliksik ng mga pamamaraan o *production systems* na makapagbigay ng nasabing kita sa pagsasaka.

Ang isang milyong piso kada ektarya na kita ay hindi na bago sa ilang magsasaka. Ito ay napatunayan na ng ilang mga magsasaka mula sa Zamboanga del Sur, Isabela, Sultan Kudarat, Ilocos Sur, Agusan del Norte, Davao Oriental, South Cotabato, at marami pang iba pa.

Ayon sa PhilRice, ang mithiing ito ay magagawa lamang kung tayo'y tulong-tulong at sama-sama. Hinahikayat ng ahenyang ito na makilahok ang bawat isa mula sa *national government agencies* hanggang *private companies* sa Rural Transformation Movement.

Para sa karagdagang impormasyon, magtext o tumawag sa PhilRice text center bilang 0920 911 1398, or log on facebook and type rural transformation movement.